## Mga Responsibilidad ng Magulang

Ang mga magulang ay aktibong kalahok sa paraan ng maagang pamamagitan. **Kabilang sa mga responsibilidad ng mga magulang ang:**

❧

Lubos na paglahok sa paraan ng IFSP—pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng serbisyo upang planuhin at isakatuparan ang mga hangarin para sa kanilang anak, at pagbahagi sa kanila ng kanilang kaalaman at mga obserbasyon

❧

Pagbibigay-alam sa kanilang tagapag-ugnay ng serbisyo ng mga isyung maaaring makaapekto sa mga serbisyo sa kanilang anak

❧

Pagdating sa tamang oras sa mga nakatakdang pakikipagtipan at pagpapasabi sa kanilang tagapagkaloob ng serbisyo kapag hindi sila makakarating sa pakikipagtipan

❧

Paggalang sa mga tao at kapaligiran kung saan ipinagkakaloob ang mga serbisyo para makinabang ang lahat ng pamilya sa maagang pamamagitan

❧

Kailangan ng karagdagang impormasyon? Ang mga sumusunod na tagatulong ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga magulang sa sistema ng maagang pamamagitan.

- *Mga Pangarap at Hamon: Patnubay ng Pamilya sa Programa sa mga Sanggol at Maliliit na Bata ng Maryland*
- Bahagi C Batas sa Edukasyon ng mga Taong May Kapansanan
- Bahagi 303, Titulo 34 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon
- Bahagi 300, Seksiyon 560-577, Titulo 34 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon
- Bahagi 99, Titulo 34 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon

**Para sa mga kopya ng alinman sa mga dokumentong ito,** kontakin ang:


MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
Division of Special Education/Early Intervention Services
**Maryland Infants and Toddlers Program**
200 West Baltimore Street; Baltimore, MD 21201
(410) 767-0261 boses • (800) 535-0182 walang-bayad na boses
(410) 333-8165 fax • (410) 333-0731 TDD



Robert L. Ehrlich, Jr.
*Gobernador*

Edward L. Root
*Presidente, Lupon ng Edikasyon ng Estado ng Maryland*

Nancy S. Grasmick
*Superintendente ng mga Paaralan ng Estado*

Carol Ann Baglin
*Katulong na Superintendente ng Estado*
*Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan*



Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga tanong na may kaugnayan sa patakaran ng departamento, mangyaring kontakin ang Sangay sa Pagtiyak ng Pagkakapantay at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch)sa 410-767-0246 Boses, 410-333-2226 Fax, o 410-333-6442 TDD. ✦ Ang dokumentong ito ay binuo at ginawa ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan sa pamamagitan ng mga pondo mula sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, Opisina ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Pagbabagong-tatag, IDEA, Bahagi C, Gawad Blg. #H181A020124. ✦ Ang mga opinyong ipinahayag dito ay hindi awtomatikong kumakatawan sa mga opinyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos o anumang ibang pederal na ahensiya at hindi dapat ituring na kumakatawan. ✦ Walang humahawak ng karapatan sa paglalathala ng impormasyon. Ang mga mambabasa ay hinihimok na kopyahin at ibahagi ito, pero mangyaring ipagbigay-alam na ito ay galing sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland. ✦ Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA) ang dokumentong ito ay makukuha sa mga panghaliling anyo, kung hihilingin. Kontakin ang Division of Special Education/Early Intervention Services, Maryland State Department of Education at 410-767-0261 Boses, 410-333-2661 Fax, 410-333-0731 TDD.

3/04




# Mga Karapatan at Responsibilidad ng mga Magulang sa Sistema ng Maagang Pamamagitan

KAGAWARAN NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan
Programa sa mga Sanggol at Maliliit na Bata

Tagalog

Ang batong panulok ng sistema ng maagang pamamagitan ng Maryland ay ang pagtutulungan ng mga pamilya at propesyonal upang suportahan at pahusayin ang pag-unlad ng mga sanggol at maliliit na batang may mga kapansanan. Ang pagtutulungang ito ay ang pundasyon kung saan binuo ang nakasentro-sa-pamilya na ibinabagay na mga plano sa serbisyo sa pamilya (family-centered individualized family service plans, IFSPs).

Ang pareho ng Bahagi C ng IDEA (ang Batas sa Edukasyon ng mga Taong May mga Kapansanan), at ang Kodigo ng mga Regulasyon ng Maryland 01.04.01 ay tumitiyak ng mga ispesipikong karapatan sa loob ng sistema ng maagang pamamagitan.

Ang polyetong ito ay may maikling paglilinaw ng mga karapatang ito, na tumitiyak na ang mga opinyon ng mga magulang at mga kagustuhan tungkol sa mga serbisyo sa kanilang anak ay pinakikinggan at iginagalang, at ang mga magulang ay may daan sa impormasyong kailangan nila upang magampanan ang aktibong papel sa paggawa ng desisyon tungkol sa paghahatid ng mga serbisyong ito.

Ang bawat pamilyang lumalahok sa Sistema ng Maagang Pamamagitan ng Maryland ay tatangap ng isang kopya ng *Mga Pangarap at Hamon: Patnubay ng Pamilya sa Programa sa mga Sanggol at Maliliit na Bata ng Maryland*, na may detalyadong nagpapaliwanag ng mga karapatan ng mga magulang.

## Sa Sistema ng Maagang Pamamagitan ng Maryland, ang mga magulang ay may karapatan na:

❧ ***Sumang-ayon sa pagsusuri, pagtasa, at pagkakaloob ng mga serbisyong maagang pamamagitan.***

Ang mga magulang ay dapat tumanggap ng impormasyong kailangan nila upang makagawa ng mga responsableng desisyon tungkol sa kung paano tatanggap ng mga serbisyo ang kanilang anak at pamilya. Ang mga magulang ay may karapatang tanggapin o tanggihan ang anumang serbisyong maagang pamamagitan alinsunod sa batas ng Estado nang hindi napipinsala ang pagkakaloob ng ibang mga serbisyo.

❧ ***Suriin at humiling ng pagbabago sa mga rekord ng maagang pamamagitan.***

Ang mga magulang ay may karapatang makita ang rekord ng kanilang anak tungkol sa maagang pamamagitan. Kung ang mga magulang ay naniniwala na ang rekord ay naglalaman ng impormasyon na hindi tumpak o mapanligaw, maaari nilang hilingin na baguhin ang rekord.

❧ ***Tumanggap ng paunawa ng kanilang mga karapatan at ng mga aksiyong iminungkahi ng sistema ng maagang pamamagitan.***

Ang mga magulang ay dapat tumanggap ng malinaw, naiintindihang impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan. Sa panahon ng kanilang paglahok sa sistema ng maagang pamamagitan, ang mga magulang ay dapat tumanggap ng makatwirang paunawa, sa kanilang katutubong wika, kapag sinimulan ang pagsusuri at mga serbisyo o iminungkahi ang pagbabago.

❧ ***Nag-aatas na ang personal na impormasyon ay panatilihng kompidensiyal.***

Ang mga magulang ay dapat sumang-ayon, nang nakasulat, bago ang anumang personal na impormasyon na maiuugnay sa kanila ay maibahagi sa maagang pamamagitan at ibang mga tagapagkaloob ng serbisyo. Ang pagbibigay ng impormasyon nang walang pahintulot ng magulang ay ipinahihintulot lamang sa mga partikular na pagkakataon.

❧ ***Magharp ng reklamo sa Maryland Infants and Toddlers Program (MITP).***

Ang mga magulang ay maaaring magharap ng nakasulat na reklamo sa MITP anumang oras habang sila ay kalahok sa sistema ng maagang pamamagitan kung hindi sila sumasang-ayon sa: (1) pagpapasiya ukol sa pagiging karapat-dapat ng kanyang anak para sa mga serbisyong maagang pamamagitan; (2) pagsusuri o pagtasa ng kanilang anak; (3) pagkakaloob ng mga serbisyo sa kanilang anak; o (4) kanilang kabayarang obligasyon para sa mga serbisyo sa kanilang anak.

❧ ***Lutasin ang mga pormal na reklamo ng walang-pinapanigang tagagawa ng desisyon.***

Kung hihilingin ng mga magulang, ang sesyon ng pamamagitan at/o walang-pinapanigang pagdinig ay isasagawa upang lutasin ang mga reklamo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga paraang ito, sumangguni sa mga polyetong *Pamamagitan* at *Walang-Pinapanigang Paglutas ng Reklamo*na makukuha sa MITP.